



## **Paksa: Update at Paghahanda sa Pagmamasid-Ulan**

Mahal na Pinag-isang Pamilya ng San Diego,

Naiintindihan namin na maraming pamilya at kasamahan ang bumabawi pa rin mula unos ng bagyo noong nakaraang linggo na nagdala ng mataas na tala ng ulan at matinding pagbaha sa ating rehiyon. Habang patuloy na sinusuportahan ng mga kawani ng distrito ang mga nasalanta, muli tayong naghahanda para sa isa pang bagyo na inaasahang maghahatid ng malakas na hangin, ulan, at pagbaha sa San Diego simula bukas ng madaling araw. Mananatiling bukas ang lahat ng paaralan ng San Diego Unified, bukas, Huwebes, Pebrero 1.

Kamakailan ay naglabas ng babala ng paglikas ang Lungsod ng San Diego sa mga taong naninirahan sa mga bahaing lugar. Patuloy tayong makikipagtulungan sa Lungsod at patuloy na babantayan ang epekto ng bagyo sa ating mga eskwelahan at pasilidad, at magbibigay ng karagdagang tauhan na makakatulong sa mga eskwelahang nangangailangan ng suporta. Mayroon din kaming [mga mapagkukunan na pangangailangan](#) para sa mga mag aaral, pamilya, at kawani, kabilang na ang pagkain, personal na pangangailangan, impormasyon sa tirahan, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip.

Kung nangangailangan ng suporta na may kaugnayan sa baha, mangyaring tumawag sa San Diego Unified Health and Wellness Hotline sa 760-334-7878 sa pagitan ng 8 n.u. at 5 n.h., Lunes hanggang Biyernes. Mayroong impormasyon at mga mapagkukunan 24/7 sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1 o pagbisita sa [211San Diego online](#).

Ang kaligtasan at kagalingan ng ating buong pamilya sa San Diego Unified ay nananatiling aming pangunahing prayoridad.

Kasama ang pagmamahal at pasasalamat sa inyo at lahat ng iyong ginagawa.

Ubuntu,

Dr. Lamont A. Jackson  
Superintendente ng Edukasyong Pampubliko